# 1

"Pakitapon na lang 'yan sa basurahan…"

Hindi sinusulyapang tinabig ni Chandra ang blue rose na iniaabot ng kaibigan na si Megan. Kasalukuyan siyang nagtitipa sa kanyang computer at talagang abala siya ngayon, dalawang araw na lang at deadline na ng kanyang reports. Malapit na kasi ang submission ng MROS or Monthly Report of Sales nila ng mga kasamahan sa sales department.

"Ang choosy naman nito! Ikaw na nga lang ang binibigyan ng bulaklak, ayaw mo pang tanggapin!" Nakaingos na kinuha nito ang pobreng bulaklak at dinala sa sarili nitong table. Magkatalikuran lang ang mga mesa nila ng kaibigan. "Baka tumanda kang dalaga niyan sa sobrang choosy mo pagdating sa lalaki. Balita ko ay guwapo ang nagbigay nito. Hmm… medyo may pagkamisteryoso dahil ayaw magpakilala, pero ang sweet!" Kumikislap pa ang mga mata nito. Iyon ang epekto rito ng kakabasa ng mga romance novels.

"Sweet para sa 'yo, basa ka kasi nang basa ng pocketbook!" Binato niya ito ng nilamukos na papel.

"Eh, kelan ka nga ba magkaka-boyfriend? Pag matanda ka na?"

Umikot ang kanyang mga mata sa sinabi ng kausap. "Okay

lang magka-boyfriend kahit matanda na ako. Basta mayaman siya!"

"Eh, paano kayo magse-sex n'on? Nakatungkod?!" At nagtatawa nang nagtatawa si Megan. Hinila niya ang buhok nito.

Kapag ganoong pilya na ang sagot nito ay wala na siyang masabi rito. Hindi kasi masakyan ni Chandra ang ganoong usapan. Dahil sa edad niyang beinte siete ay hindi pa siya nakakaranas magkaroon ng nobyo. Siya na yata ang pinaka-choosy na babae sa buong mundo. Gusto niya ay mayaman.

Mahigit pitong taon na siyang nagtatrabaho sa *Multi-Cargo International Freight and Forwarding Company* bilang isang sales executive. Tumatanggap ng local cargo ang kompanya bilang courier services niyon sa pamamagitan ng pagbiyahe ng mga iyon gamit ang wheeler trucks. Kapag international cargo naman ay through seafreight and airfreight. Bago lang sa industriya ang kompanya at isa ang dalaga sa mga pioneers doon. Isang mag-asawang matanda na dayuhan ang nagtatag niyon.

Nakipagsapalaran siyang magtungo sa Maynila nang matapos siya sa pag-aaral. Ito ang naging first job ni Chandra pagka-graduate sa kursong Business Administration major in Management sa isang universidad sa probinsya niya sa Bicol. Syempre with scholarship iyon. Matalino yata siya.

Sa loob ng mga taong pagtatrabaho ni Chandra sa kompanya, kada taon ay humakot na siya ng mga awards—trophy with

cash—dahil sa husay niya sa pagpapapasok ng pera sa kompanya. Humahakot kasi siya ng mga bigating kliyente dahil sa angking talino, at syempre, bonus pa ang angking kagandahan at ang walang katapusan niyang litanya—ang kanyang karisma.

Humakot din siya ng manliligaw sa loob at labas man ng kompanyang pinagtatrabahuhan. At syempre ay humakot siya ng mga binasted.

Wala kasi sa tipo ni Chandra ang mga ito. Bukod sa masyado siyang pihikan pagdating sa looks ay hindi basta-basta ang hinahanap niya sa isang lalaki. Ang tipo niya ay mayaman.

Katuwiran niya ay ayaw niyang sumapit sa puntong nakatapos na't lahat ng pag-aaral ang magiging mga anak niya ay nagbabanat pa rin siya ng buto. Bonus na lang para sa kanya ang guwapo.

Galing sa mahirap na pamilya ang dalaga. Nag-iisa lang siyang anak. Iginapang siya ng yumao niyang ina sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagtitinda ng isda sa palengke, wala siyang kinagisnang ama. Ang sinabi noon ng kanyang ina ay namatay ito noong ipinagbubuntis pa lamang siya.

Kapag wala siyang pasok ay tumutulong siya sa pagtitinda. Siya na rin ang naglalaba ng kanilang mga damit, naglilinis at nagluluto dahil halos doblehin na ng ina ang katawan sa pagtatrabaho.

Bawas ang luho at magagandang damit ay nakatapos siya

sa kursong pinili at masayang inialay sa ina ang tagumpay na nakamit. Ngunit dalawang buwan lang ang nakakalipas magmula nang siya ay makapagtapos ay namatay ito sa sakit. Iginupo na kasi ng karamdaman ang katawan nito sa sobrang pagkayod maibigay lang ang suporta na kailangan niya. Hindi kasi nito hinayaan na maging working student siya sapagkat gusto nitong mag-concentrate siya sa pag-aaral.

Sa pagdaloy ng alaala ay muling nangilid ang kanyang luha. Kahit pitong taon na ang nakakalipas ay hindi pa rin magawang maka-move-on nang tuluyan si Chandra sa pagkawala ng kanyang ina. Kahit natanggap na niya ang nangyari ay may pagkakataon na umiiyak pa rin siya pag naaalala ito. Wala na kasing papantay at papalit sa puwesto ng ina sa puso niya. At wala nang mas dadakila pa kaysa rito.

Iyon ang nagpursige sa kanya na magtrabaho nang mabuti at hindi na muna magnobyo. Para kasi sa kanya ay sagabal lang iyon sa mga plano niya sa buhay. Gusto niyang makabili muna ng bahay at kotse.

Tumunog ang telepono sa kanyang mesa.

“Yes, hello—”

“Ma’am Chandra!” Impit na nagtitili ang nasa kabilang linya. Sa klase ng tila kinikiliti nitong boses ay kilala na niya kung sino ito. Si Beth, ang in-charge sa customer service na nasa ground floor.

Inilayo niya ang telepono sa kanyang tenga dahil halos mabasag na ang eardrum niya.

"Hoy, Betchay! Pakiayos nga ang sinasabi mo at huwag kang nagtititili riyan. Nakakita ka na naman siguro ng guwapo—"

"Ay! Korek, Ma'am! Actually ay naroon na siya sa warehouse at ang hunk-hunk niya—"

"Ano ba'ng sasabihin mo, Beth?" putol niya sa iba pang sasabihin nito.

Tila hinihingal pa ito nang magsalita nang matino. Sumeryoso na ito dahil alam nitong hindi siya nakikipagbiruan. "Si Mr. Chuwariwap kasi, Ma'am, nagpa-courier ng mahigit fifty boxes papuntang Bohol. Alam mo na, malapit nang mag-Christmas. Gift daw niya iyon sa mga kamag-anakis niya—Aray!"

Alam niyang napangiwi ito dahil hindi niya napigilang mapasigaw sa pagkagulat. Sa klase ng pagkatao ng kliyente niyang Chinese na si Mr. Chuwariwap ay talagang nagulat siya sa volume ng boxes na pinadala nito. Noon kasi ay halos maubos ang pasensya niya rito sa tindi nitong mambarat sa presyo ng pinapadala nitong mga boxes, and take note, dalawa o tatlo lang naman ang madalas nitong ipa-courier. Suki ito sa kanila dahil sa sagad sa butong discount na ipinagkaloob niya rito manahimik lang ito.

Katuwiran ni Chandra ay di bale nang mura dahil alam naman niyang dumadami rin ang ipapadalang cargo sa kanila.

Makakakahakot pa sila ng ibang kliyente through word of mouth.

Ngunit tatlong taon na niyang kliyente ang barat na Chinese ay talaga namang na-maintain na nito ang dalawa hanggang tatlong box na pa-courier. Pulos accessories lang naman ang laman niyon mula sa negosyo nito, kaya naman nagulat siya sa ibinalita ni Beth na fifty boxes ang ipapadala ni Mr. Chuwariwap. Although alam naman niyang ngayon ang schedule ng pick-up ng kanilang truck para sa boxes nito ay hindi niya inaasahan na ganoon iyon karami. And take note, kasama pa ito.

"Ang OA mo naman, Ma'am. Oo nga, fifty boxes nga po kaya ang mabuti pa ay bumaba ka na lang para hindi ka na nagugulat d'yan. Hmph!"

"Sige, sige, bababa na ako." Mabilis niyang iniwan ang ginagawa upang magtungo sa warehouse kung saan naroroon ang mahimalang fifty boxes ng barat na kliyente.

---

"Kayo talaga, Mr. Chua, hindi n'yo sinabing marami pala kayong ipapadala. Sana ay nakapaghanda naman ako ng ten-wheeler truck para sa mga boxes mo." Hinaluan niya ng lambing ang tinig. Iyon kasi ang gusto ng matandang Chinese.

"Hindi ko na sabi sa 'yo para sorpresa ka," nakangiti nitong sabi.

"Kayo talaga…" At sinadya niyang tumawa sa joke nito kahit

wala namang nakakatawa. Patakip-takip pa siya ng bibig nang sa paglingon niya sa kanan ay mahagip ng kanyang mga mata ang isang guwapong lalaki na nakatingin sa kanya.

Nabitin sa ere ang pagtawa ni Chandra dahil nagtama ang kanilang mga mata. Mabilis niyang pinasadahan ng tingin ang kabuuan nito. Malaki ang katawan nito na bumubukol ang muscles sa suot na blue polo shirt na siyang uniporme ng mga kargador at driver ng kompanya. Mahihinuha niyang nasa anim na talampakan ang taas nito. Moreno ang balat at tila kaydami nitong buhok sa katawan. Paano ay mabuhok ang mga braso nito, may balbas at bigote ito na bagay naman dito na sa tingin niya ay lalo lang nagpalakas sa appeal nito. Sa kabuuan ay guwapo ito. Macho at talaga nga namang hunk na hunk.

Teka, at kailan pa siya naka-appreciate ng mga katangian ng isang lalaki?

Ngumiti ang estranghero, marahil ay napansin nito ang ginawa niyang paghagod dito. Nag-iwas siya ng tingin. Hindi niya maunawaan ang sarili kung bakit sumasal ang tibok ng kanyang puso. At tila naging uneasy siya sa presensya nito. Ito marahil ang guwapong hunk na sinasabi ni Beth kanina.

May sinasabi pa si Mr. Chuwariwap, ngunit halos hindi na iyon pumasok sa isip ng dalaga. Paano ay alam niyang nakatingin pa rin sa kanya ang guwapong lalaki. May kakaiba sa paraan ng pagtingin nito sa kanya.

Nginitian na lamang niya ang matandang Chinese nang magpaalam na ito.

Nang makaalis ang kliyente ay napansin ni Chandra ang pagkukumpulan ng mga babaeng staff ng kompanya mula sa iba't ibang department. Nakasilip ang mga ito mula sa glass wall ng warehouse. Marahil ay pinagpipiyestahan ng mga ito ang hunk na kanina lang ay ngumiti sa kanya.

Hindi niya masisisi ang mga ito. Kahit naman siya ay hindi nakaligtas sa kakisigan ng guwapong binata. Iyon ay kung binata pa nga ba ito.

Iiling-iling siya habang nakayukong naglalakad. Pabalik na sana siya sa itaas nang mabangga siya sa matigas na bagay.